

PANAHOON

Ni: CorrectionFluid

Magkikita pa nga ba tayong muli?

Masasabi ko pa ba sayong mahal kita?

Maipaparamdam ko pa nga ba ang tunay kong nararamdaman?

Sa puntong 'to, inaamin ko na pero di tiyak at di tuwiran ..

Siguro nga .. isang bagay lang ang tunay na makapagsasabi.

Siguro nga, isang bagay lang ang tunay na nakaalam.

Siguro nga ..

MATAGAL na kitang pinagmamasdan mula sa malayo.

Matagal ko nang sinasamba ang kakisigan mong taglay na siyang pinapangarap at pilit na inaabot ninoman.

Matagal ko na ring naamin sa sarili ko na buhat nang makilala kita, doon ako nagsimulang lumigaya, kahit na ang pagmamahal ko sayo ay lihim lamang.

Matagal mo nang alipin ang puso kong piping umaasam na sana ..

“Sa paglipas ng panahon, sana .. sana talaga ..”

Mapansin mo rin ako.

Sa tuwing naglalaro kayo ng mga kasamahan mo ng basketball, tila lumiliwanag ang buong paligid at ikaw lamang ang nakikita ko. Sa tuwing tumatakbo ka na at hawak – hawak mo ang bola, tila ba’y isang anghel mula sa kalangitan ang siyang tumatakbo. Sa tuwing nakikita ko kung gaano ka kasaya kapag nananalo ang iyong koponan, tila binabalot ng mahika ang paligid ko sa pagsilay ko sa iyong mga ngiti.

Kuntento naman na ako dito.

Ang pagmasdan ka mula sa malayo dahil natatakot ako sa kahahantungan kapag lumapit na ako sayo.

Kuntento na rin akong tingnan ka at pagsawain na lang ang aking mga mata sa mga munti mong kilos at galaw, na di ko man aminin ng diretso, pero nagbibigay sakín ng kakaibang pakiramdam.

Kaligayahan.

Kasiyahan.

Ngayon lang ako nakaramdam ng ganito.

Kaya nga hindi ko rin masisi ang sarili ko sa pag – usbong ng isang ipinagbabawal na emosyon mula sa kaibuturan ng aking puso. Oo, naiinis ako sa sarili ko, pero hindi ako nagagalit. Naiinis ako dahil alam ko na mula umpisa pa lang naman, hindi na dapat kita inibig dahil alam kong malabo pa sa sabaw ng pusit na mapunta sa ibang lebel ang ating sitwasyon. Ang ibigin mo ko’y isang napakabigat, napakalayo at napakahirap na pangarap – at di ko naman maitatangging malabong magkapalit ng kahulugan ang ideyalismo at reyalidad.

Tandang – tanda ko pa noon kung paano nagsimula ang lahat.

Kung paano kitang nakilala ..

Kung paanong nagtapo ang landas nating dalawa ..

Kung paano kitang nagsimulang hangaan ..

At kung paano kitang nagsimulang ibigin noon pa man.

FLASHBACK

Umuulan noon. Nagkataong wala akong dalang payong kaya napilitan akong magpatila ng ulan sa loob ng silid aralan. Sa di – kalayuan, minamalas ko ang mga kapwa – estudyanteng unti – unting naglalaho at tila, sabik na sabik na umalis upang makauwi na. Samantalang ako, heto sa isang sulok, piping umaasam na sana .. paglipas lamang ng ilang sandali ay titigil na ang langit sa marahas nitong pagluha.

Subalit lumipas na ang ilang minuto, at halos nawawala na rin ang lahat ng tao sa buong paaralan, pero heto pa rin ako sa isang sulok, naghihintay at nag – aabang.

“Utang na loob. Tumila ka na. Gusto ko nang makauwi.”

Pinagpapawisan na ako ng malamig at butil – buti dala na rin ng halu – halong emosyon. Kinakabahan ako, natatakot, at piping umaasa na sana nga, makauwi pa ako. Ngunit habang tumatagal, unti – unting lumalabo ang pagasa ko. Dahil kasabay ng unti – unting pagdilim ng paligid ay ang todong pagbigat ng mga patak ng luha – luha ng langit.

Wala na ring ibubunga kahit doblehin ko man ang dasal ko. Mukhang .. wala na ata akong ibang magagawa kundi ang maghintay? O di kaya nama’y magpalipas dito ng gabi?

Isang marahas na buntong – hininga ang aking pinakawalan. Oo, totoong nakakalungkot naman—

May narinig akong pagkaluskos sa di kalayuan.

Dito na ako nagsimulang kabahan.

“M-may tao ba diyan?”

Wala akong narinig na pagsagot. Medyo madilim na sa kabilang bahagi ng gusaling kinasasadlakan ko, kung saan naroroon din ang aming silid aralan. Nagpapatay – sindi ang mga ilaw sa poste, dala na rin marahil ng epekto ng mapusok na pagbuhos ng ulan.

Hanggang sa may naaninag akong isang pigura.

Unti – unti itong lumalapit sa akin.

Inihanda ko ang sarili ko sa kung ano mang panganib ang sa aki’y nakaabang.

“B-bakit nandito ka pa?”

Nagulat na lang ako ng biglang nasa harapan na kita at tinanong mo ako. Oo, hindi ko akalain na ikaw ang mabubungaran ng mga mata ko, at lalong hindi ko inaasahan na ikaw ang makikita ko.

Ikaw.

Ang basketball rookie na pinagkakaguluhan ng lahat. Ang basketball rookie na tinitilian, hinahangaan at totoong pinipilahan, mapababae o kabilang sa kaparehong seksuwalidad man.

“W-wala akong payong. Hindi ako makaalis.”

Sinikap kong tipiran na lang ang isagot ko sa tanong mo. Hindi ko alam noon una kung bakit, pero tila, naiilang ako sa presensiya mo. Parang isa kang makapangyarihang nilalang na binabalot ng mahika – kung ano man ang mahikang iyon ay hindi ko matukoy sapagkat wala pa akong konkretong sagot na maaring ilahad.

“Tss. Tanda – tanda mo na, wala ka pa ring payong?”

Sukat ng sabihin mo ang mga katagang iyon ay bigla akong napangiti. Hindi na lang basta pagka – ilang ang nararamdaman ko, ngunit tila, may kasama na itong pagkamangha at paghanga – pagkamangha dahil hindi ko mapaniwalaang naririto ka pa at kasama ko; paghanga dahil sa kakatwa at kakaibang inaasal mo sa harapan ko.

“Eh sa wala. May magagawa ka ba?”

Kasabay ng papilosopong sagot ko sayo ay ang unti – unting paghina ng buhos ng ulan. Imahinasyon ko lang marahil, pero ipinagpipilitan ko na dahil sayo kung kaya may nangyaring milagro – kundi dahil sa mahikang taglay mo, malamang ay hindi na naisipan ng langit na hinaan at ihinto ang kanyang pagluha.

“Tss. Di ko akalaing pilosopo pala ang mga tulad mo.”

Napangiti ako ng mapakla dahil sa sinabi mo. Tulad ko!? Ano ba ang masasabi mo sa mga tulad ko? Ganoon ba kakitid ang iyong pananaw sa mga kagaya kong pinagbubuti lang naman ang kanilang pag – aaral? Na sa abot ng aming makakaya ay pinipilit naming suklian ang paghihirap ng aming mga magulang?!

Sandaling naghari ang katahimikan sa pagitan nating dalawa.

Sandali ring umusbong ang isang damdaming iniawasan kong maramdaman.

Pait.

Sakit.

“I-ihahatid na kita hanggang sakayan.”

“Wag ka nang mag – abala pa. Kaya ko ang sarili ko.”

“Tss. Sinabi na ngang ihahatid na e.”

Hindi ko inaasahan ang sumunod mong ginawa.

Hinubad mo ang suot mong jacket at ipinatong mo sa ulo nating dalawa. Oo, kinabig mo ako papalapit sayo, habang ang isa mo namang braso ay nakaakbay sa balikat ko. Ramdam na ramdam ko ang iyong mainit na paghinga dahil halos gahibla na lamang ang pagitan ng ating mga mukha. Magkasabay sa iisang ritmo ang ating mga paa sa pagtugpa sa tinatahak nating daanan. Sa isang banda, dinig na dinig ko naman ang nakabibingi ngunit nakatutoreteng tibok ng puso ko na nagkukubli sa aking katawan.

Isa itong patibong.

Sa bawat galaw mo, hindi maiwasang magbigay ng reaksyon ang katawan ko. Sa bawat hininga na nagmumula sayo, na siyang dumadampi sa balat ko, hindi maiwasang magprotesta kahit na kaliit – liitang himaymay ng katawan ko. Sa bawat paghapit mo sakin papalapit sayo, hindi maiwasan ng aking isipan na lalong malito at maguluhan sa aking nararamdaman.

At ayoko mang isipin, pakiramdam ko’y wala na akong magagawa pa para iwasan ang isang patibong na iyong nilikha.

Dahil noong mga sandaling iyon, kakatwa man, pero ramdam na ramdam ko na ang mabilis kong pagbulusok pababa sa ere – dala na rin ng pagkahulog ko mula sa pagkakilapad nang walang pakpak.

Oo. Nahulog na nga ako.

Pilit ko mang iwaksi, pero iyon ang totoo.

Nahulog na nga ako sa patibong mo.

“Sumakay ka na.”

“S-salamat. Pero, mauna ka na.”

“Hindi. Ikaw na.”

“Ayoko. Ikaw muna.”

Nakarating tayong dalawa sa sakayan. Pilit mo akong pinasasakay na habang pilit din akong nagsasabing ikaw na lang ang mauna. Sa huli, wala rin akong nagawa sapagkat sabay na dumating ang mga sasakyang magdadala satin sa ating paroroonan. Baka kundi dahil sayo, hindi ako nakauwi ng bahay ng matiwasay.

Siguro nga ..

Nakalimutan mo na ang tagpong iyon.

Ang sandaling nagbigay – daan upang makilala kita ..

Ang sandaling nagtapo ang landas nating dalawa ..

Ang tagpo kung saan nagsimula kitang hangaan ..

Ang tagpong sinimulan kitang kitang ibigin noon pa man.

“C-CONGRATS.”

Naririto ka ngayon sa harapan ko. Buong pagtataka ang marahil, nakarehistro sa mukha ko. Pilit ko mang isipin ay tila, hindi magagawa ng isang tulad mo na batiin ako. Sa paningin mo, at sa paningin ng iba, iisa lamang akong ordinaryong tao.

Gabi na ng ating pagtatapos. Tuluyan na tayong namaalam sa sekundarya – ang sinasabing pinakamasayang parte at dibisyon ng buhay pag – aaral ng isang tao. Sari – sari ang nararamdaman ko – pagkabigla, dahil oo, nagtapos pa rin ako bilang valedictorian sa kabila ng hirap na aking dinanas; pagkagulat, dahil sa kahuli – hulihang pagkakataon ay kinausap mo ko; kalungkutan, dahil .. ayoko mang isipin pero mukhang ito na ang huli nating pagkikita.

“Congrats din.”

Tipid kong sagot at pagbati sayo.

Tatalikod na sana ako ng bigla mong hinatak ang kamay ko. Nabigla ako pero mas nabigla ako sa kakaibang pakiramdam na dulot ng ginawa mo. Ramdam na ramdam ko ang mumunting boltahe na nag – uunahang maglandas sa aking mga ugat.

“Uhm .. a-ano ..”

“Hmm?”

Matagal mo akong tinitigan na para bang sinusukat mo kung may gusto ba akong malaman mula sayo. Hindi ko mawari kung may gusto ka nga bang sabihin sakín sapagkat lumipas na ang ilang sandali pero patuloy lang tayong nagsusukatán ng tingin.

Hanggang sa hindi ka na nakatiis at ikaw na ang unang bumasag ng pader sa pagitan natin.

“Ma .. mag – iingat ka lagi.”

“I-ikaw din.”

Iyon lang at tumalikod na ako mula sayo.

Tinalikuran kita hindi dahil kinamumuhian kita.

Tinalikuran kita hindi dahil kinasusuklaman kita.

Pero tinalikuran kita dahil nasasaktan ako sa katotohanang kahit man lang sa kahuli – hulihang sandali, hindi ko man lang masabi sayo at maipahayag ang tunay kong nararamdaman.

Mahal kita.

Paalam.

MATAGAL na kitang nakikitang pinagmamasdan ako mula sa malayo.

Sa tuwing nakikita ko kitang naririyang lang sa malapit at tila nasa tabi ko, hindi ko maiwasang makaramdam ng kakaibang sigla.

Ang dalawang pares ng mga mata na tila, pagmamay – ari ng isang anghel – napakainosente, buhay na buhay at sa akin lang nakamasid – hindi ko alam pero itinuturing ko itong tunay na karangalan.

Matagal ko nang hinahangaan ang karikitan mong taglay na siyang papangarapin at pipiliting maabot ninoman kapalit ng wagas at tunay mong pagmamahal.

Matagal ko na ring naamin sa sarili ko na buhat nang makilala kita, doon ako nagsimulang lumigaya, kahit na ang pagmamahal ko sayo ay lihim lamang.

Matagal mo nang inalipin ang puso kong piping umaasam na sana ..

“Sa paglipas ng panahon, sana .. sana talaga ..”

Maipahayag ko sayo ang tunay kong nararamdaman.

Sa tuwing naglalaro kami ng mga kasamahan ko ng basketball, tila lumiliwanag ang buong paligid dahil ikaw lamang ang nakikita ko. Sa tuwing tumatakbo na ako at hawak – hawak ko na ang bola, tila ba’y isang anghel mula sa kalangitan ang sa aki’y nagmamasid mula sa malayo. Sa tuwing nakikita ko kung gaano ka kasaya kapag nananalo ang aming koponan, tila binabalot ng mahika ang paligid ko sa pagsilay ko sa mga ngiti mong dalisay.

Kuntento naman na ako dito.

Ang makita kong pagmasdan mo ako mula sa malayo dahil natatakot ako sa kahahantungan kapag naglakas – loob na akong lumapit sayo.

Kuntento na rin akong tingnan ka at pagsawain na lang ang aking mga mata sa mga munti mong kilos at galaw, na di ko man aminin ng direktso, pero nagbibigay sakín ng kakaibang pakiramdam. Kakaibang pakiramdam na tanging ako lang ang nakaalam.

Kaligayahan.

Kasiyahan.

Ngayon lang ako nakaramdam ng ganito.

Kaya nga hindi ko rin masisi ang sarili ko sa pag – usbong ng isang mapait, ngunit matamis na emosyon mula sa kaibuturan ng aking puso. Oo, naiinis ako sa sarili ko, pero hindi ako nagagalit. Naiinis ako dahil alam ko na mula umpisa pa lang naman, hindi na dapat ako nagpaliguy – ligoy at nagdalawang isip para maipahayag ko sayo ang tunay kong saloobin. Ang ibigin mo ko’y isang napakabigat, napakalayo at napakahirap na pangarap – pero marahil, kung naging matapang lang ako, naabot ko ang tangi kong pangarap at nabago ko ang kahulugan ng ideyalismo at reyalidad.

Huwag kang mag – alala dahil tandang – tanda ko pa noon kung paanong nagsimula ang lahat.

Kung paano kitang nakilala ..

Kung paanong nagtapo ang landas nating dalawa ..

Kung paano kitang nagsimulang hangaan ..

At kung paano kitang nagsimulang ibigin noon pa man.

Hindi ko nakalimutan ang araw na iyon.

Hinding – hindi ko kakalimutan at lalong ni sa hinagap ay hindi pumasok sa isipan ko na ibaon na lang sa limot sa pagdaan ng panahon.

Dahil iyon ang araw kung kailan tuluyan kong naamin sa sarili ko na oo na, may taglay ka ngang mahika. Na oo na, tunay kang makapangyarihang talaga. Dahil sa dinami – rami naman ng taong pipiliin ng puso ko upang ibigin, ikaw pa na hindi ko maabot kahit man lang sa ligaw – tingin.

Nakakalungkot lang talagang isipin.

Wala man lang nagawa ang aking panalangin.

“C-CONGRATS.”

Naririto ako ngayon sa harapan mo. Buong pagtataka ang nakikita kong nakarehistro sa mukha mo. Marahil ay iniisip mong imposible ang hakbang na ginawa ko. Pero nagkakamali ka kung sa mismong paningin mo, at sa paningin ng iba, ay iniisip mong isa ka lamang na ordinaryong tao.

Gabi na ng ating pagtatapos. Tuluyan na tayong namaalam sa sekundarya – ang sinasabing pinakamasayang parte at dibisyon ng buhay pag – aaral ng isang tao. Sari – sari ang nararamdaman ko – kasiyahan, dahil oo, nagtapos ka bilang valedictorian sa kabila ng hirap na iyong dinanas; pagkamuhi sa aking sarili, dahil sa kahuli – hulihang pagkakataon ay kinausap kita ukol sa bagay na walang gaanong kahulugan; kalungkutan, dahil .. ayoko mang isipin pero mukhang ito na ang huli nating pagkikita.

“Congrats din.”

Tipid mong sagot at siya na ring pagbati mo sa akin.

Tatalikod ka na sana ng bigla kong hinatak ang kamay mo. Nabigla ka pero mas nabigla ako sa kakaibang pakiramdam na dulot ng ginawa ko. Ramdam na ramdam ko ang mumunting boltahe na nag – uunahang maglandas sa aking mga ugat dahil sa pagdidikit ng ating mga balat.

“Uhm .. a-ano ..”

“Hmm?”

Matagal mo akong tinitigan na para bang sinusukat mo kung may gusto ba akong sabihin sayo. Hindi ko mawari kung may gusto ka nga bang malaman mula sa kinapagkat lumipas na ang ilang sandali pero patuloy lang tayong nagsusukat ng tingin.

Hanggang sa hindi na ako nakatiis at ako na ang unang bumasag ng pader sa pagitan natin.

“Ma .. mag – iingat ka lagi.”

“I-ikaw din.”

Iyon lang at tumalikod na ako mula sayo.

Tinalikuran kita dahil kinamumuhian ko ang sarili ko, alam kong natakot ako.

Tinalikuran kita dahil kinasusuklamang ko ang sarili ko, alam kong naging duwag ako.

Higit sa lahat ..

Tinalikuran kita dahil nasasaktan ako sa katotohanang kahit man lang sa kahuli – hulihang sandali, hindi ko man lang masabi sayo at maipahayag ang tunay kong nararamdaman.

Paalam.

Mahal kita.

Magkikita pa nga ba tayong muli?

Masasabi ko pa ba sayong mahal kita?

Maipaparamdam ko pa nga ba ang tunay kong nararamdaman?

Sa puntong 'to, inaamin ko na pero di tiyak at di tuwiran ..

Siguro nga .. isang bagay lang ang tunay na makapagsasabi.

Siguro nga, isang bagay lang ang tunay na nakaaalam.

Siguro nga ..

“PANAHOON na lang.”

-THE END-

© October 24, 2012

CorrectionFluid